# LUNSOD NG SAN DIEGO

## Panukala A

(Ang panukalang ito ay lilitaw sa balota sa sumusunod na anyo.)

---

# PANUKALA A

**Mount Soledad Natural Park**
Dapat bang ibigay ng Lunsod ng San Diego sa pederal na pamahalaan ang lahat ng karapatan, titulo, at interes ng Lunsod sa ari-ariang Mt. Soledad Veterans Memorial para sa paggamit ng pederal na pamahalaan bilang isang pambansang tagapagpagunita na nagpaparangal sa mga beterano ng Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos?

---

**Ang panukalang ito ay nangangailangan ng pag-aproba ng nakararami (higit sa 50%) na mga botante.**

### PANGANGATWIRANG PANIG SA PANUKALA A

**Bumoto ng OO** upang **iligtas ang Mount Soledad Memorial – KUNG PAANO ITO, KUNG NASAAN ITO –** na may pangunahing bahagi na 29-talampakang krus, mga dingding, at mga plake, sa pamamagitan ng paglipat nito sa Pederal na pamahalaan!

Daan-daang libo ng mga taga-San Diego ay nagkaisa upang **iligtas itong makasaysayang monumento!**

**Bumoto ng OO** upang **pangalagaan ang integridad** ng Mount Soledad Memorial sa pamamagitan ng paggawa sa monumento na isang **pederal na ari-arian bilang isang "Pambansang Tagapagpagunita sa Digmaan" na pinangangalagaan sa ilalim ng Saligang-Batas ng Estados Unidos!**

Ang Mount Soledad Memorial ay ginawa noong **1954** bilang isang parangal sa mga beterano ng Digmaan sa Korea. Mula noon, pinalawak ng isang pribadong grupo ang lugar upang isama ang isang malaking bandila ng Amerika at mga plake at dingding na nakalaan sa mga beterano ng lahat ng mga digmaan.

Mahalaga sa mga tao ng San Diego itong makasaysayang tagapagpagunita at **kayamanan ng publiko – KUNG PAANO ITO, KUNG NASAAN ITO.**

Ang di-kailangang paggalaw sa tagapagpagunita sa pamamagitan ng **pagtanggal sa krus ay may permanenteng masamang epekto sa kalidad ng buhay at walang-katulad na tanawin ng ating magandang lunsod.**

Tulad ng Mount Soledad, kung saan ang mga beterano ay pinararangalan ng mga simbolo ng mga nabuwal, **ang ilang hindi nagpapaubaya** ay maglulunsad ng **di-gaanong mahalagang demanda na mag-aaksaya ng ating mga dolyar ng buwis** at **magbabanta sa ating pamana.**

Ang hindi pangangalaga sa kalagayan ng Mount Soledad ngayon ay maglalagay sa panganib sa maraming ibang mga dakilang simbolo ng ating nakaraan.

Ang paglipat ng ari-arian sa pederal na pamahalaan ay ang pinakamabuting paraan upang **panatilihin ang Mount Soledad** para magawa ng mga susunod na henerasyon **na parangalan ang mga nagsakripisyo** upang pangalagaan ang mga kalayaan ng henerasyong ito.

Noong **2004**, pinirmahan ng Presidente ng Estados Unidos ang batas na nagtatalaga sa lugar ng Mount Soledad bilang "Pambansang Tagapagpagunita ng Digmaan".

**Bumoto ng OO** upang ilipat ang lupa sa pederal na pamahalaan at **permanenteng panatilihin ang Mount Soledad – KUNG PAANO ITO, KUNG NASAAN ITO.**

**Parangalan ang ating mga Beterano!**

**Pangalagaan ang ating Tagapagpagunita!**

**Ilipat ang Lupa!**

**Bumoto ng OO sa Panukala A!**


PHILIP L. THALHEIMER
Tagapangulo
Mga taga-San Diego para sa Mt. Soledad National War Memorial

CDR RANDY "DUKE" CUNNINGHAM USN (Retirado)
Kongresista ng Estados Unidos
Ika-50 Distrito, California

ROGER HEDGECOCK
Host ng programang Salitaan sa Radyo ng KOGO
Dating Alkalde ng San Diego

RICK ROBERTS
Host ng programang Salitaan sa Radyo ng KFMB

COL. JERRY COLEMAN, USMC (Retirado)
Tagapagbalitang nasa Bulwagan ng Sikat
Tinig ng Padres

## PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA A

PIGILAN NA IPAMIGAY ANG MT SOLEDAD!

IGALANG ANG DESISYON NG MGA BOTANTE SA PANUKALA K!

PIGILAN ANG MGA DEMANDA!

HUWAG HAYAAN ANG MGA ESPESYAL NA INTERES NA PILITIN ANG LUNSOD NA IPAMIGAY ANG ISA SA PINAKAMAGAGANDANG PARKE NITO! ANG BOTANTE AY LUBOS NA NAGKAISA NOON SA PAGTANGGI SA PANUKALA K, HINDI PINAYAGAN ANG PAGBEBENTA NG MT. SOLEDAD PARK SA MGA PRIBADONG PARTIDO. NGAYON, ANG MGA ESPESYAL NA INTERES NA ITO AY GUSTONG PILITIN NINYO ANG LUNSOD NA IPAMIGAY ANG PARKE!

ANG MGA ESPESYAL NA INTERES, LUBOS Na IPINAGWALANG-BAHALA ANG IYONG BOTO LABAN SA PANUKALA K, AY SINABIHAN ANG KONSEHO NG LUNSOD NA IBIGAY ANG MT. SOLEDAD PARK SA PEDERAL NA PAMAHALAAN. ANG LUNSOD AY WASTONG TUMANGGI NA IPAMIGAY ANG INYONG PARKE AT GUMASTA NG MILYUN-MILYON NG MGA DOLYAR NG BUWIS SA PAGTATANGGOL SA LABAG SA BATAS NA REGALO. ANG MGA ESPESYAL NA INTERES NAMAN AY GUMASTA NG $100,000 UPANG IPILIT ANG ISANG MAGASTOS NA ESPESYAL NA HALALAN.

SINASABI NILA NA KUNG ANG LUPA AY INILIPAT SA PEDERAL NA PAMAHALAAN, ANG KRUS AY MAAARING MANATILI SA MT. SOLEDAD. ITO AY TALAGANG MALI! NAGPAYO NA ANG MGA ABUGADO NG LUNSOD NA KUNG ANG PANUKALA AY PUMASA AT ANG LUNSOD AY MAPILITANG IBIGAY ANG MT. SOLEDAD SA PEDERAL NA PAMAHALAAN:

1. ANG KRUS AY KAILANGANG ILIPAT DAHIL ANG MGA HUKUMAN AY LAGING NAGPAPASIYA NA ANG MGA KATULAD NA KRUS SA PEDERAL NA LUPA AY LABAG SA BATAS;

2. ANG PAGLIPAT NG LUPA AY LABAG SA BATAS AT GAGASTAHAN NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NG KARAGDAGANG PERA SA MGA DEMANDA;

3. MAAARING MULTAHAN NG HUKUMAN ANG LUNSOD DAHIL SA GINAWANG LABAG SA BATAS.

ANG LUNSOD AY GUMAWA NA NG PAKIKIPAG-AYOS PARA SA KASO NG KRUS NG SOLEDAD. ANG PAKIKIPAG-AYOS AY:

1. GUMAGARANTIYA NA ANG MT. SOLEDAD MEMORIAL ASSOCIATION AY KUMOKONTROL SA TAGAPAGPAGUNITA;

2. SUSUNOD SA UTOS NG HUKUMAN AT ILILIPAT ANG KRUS SA ISANG KATABING SIMBAHAN;

3. MAGTATAPOS SA MGA TAON NG NAGHIHIWALAY NA MGA DEMANDA NA GAGASTAHAN NG MILYUN-MILYON NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS.

HUWAG HAYAAN ANG MGA ESPESYAL NA INTERES AT ANG KANILANG MGA ABUGADO MULA SA MICHIGAN NA IPAMIGAY ANG ATING PARKE SA MALAKING KAPINSALAN NG NAGBABAYAD NG BUWIS!

IGALANG ANG TAGAPAGPAGUNITA NG MGA BETERANO AT ANG BOTO SA PANUKALA K!

TAPUSIN ANG LABINLIMANG TAON NG MAGASTOS NA DEMANDA!

BUMOTO NG HINDI SA PAMIMIGAY SA MT. SOLEDAD!

JAMES MCELROY
Abugado

ARVID STRAUBE
Pangunahing Ministro,
1st Unitarian Universalist Church